

MORPOLOHIYA NG WIKANG AYANGAN: ISANG PAG-AARAL

CHERRY ANN A. LOPNAO, HILDA N. IMMANGDUL, PhD

Ifugao State University, Alfonso Lista, Ifugao, Philippines

Ifugao State University, Alfonso Lista, Ifugao, Philippines

ABSTRAK: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mailahad ang palabuan na sumasaklaw sa anyongmorpema ng wikang Ayangan ng Mayoyao, Ifugao. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibongkwalitatibong disenyo ng pananaliksik kayat ito ay gumamit ng di-binalangkas na pakikipanayamsamgatagatugon na taga-lower bahelna ng nasabing lugar. Natuklasan sa pag-aaral na mayroong morpemangsalitang-ugat, morpemang panlapi, at malimit na morpemang ponema ang wikang Ayangan. May mga salitang-ugat sa wikang Ayangan na ang salin sa wikang Filipino ay hindi nag-anyong salitang-ugat. May mga salitarinna ang bilang ng pantig ng salitang-ugat sa wikang Ayangan ay hindi pareho sa bilang ng pantig ng salitang-ugat sa wikang Filipino at ito ay bise bersa. May mga panlapi sa wikang Ayangan na tinumbasan ngmgapanlapi sa wikang Filipino. Ang mga panlapi na ginamit sa paglalapi sa mga salitang-ugat para magingmakauri at makangalan na mga salita sa wikang Ayangan ay pareho na ginamit sa paglalapi sa mga salitang-ugat sa wikang Filipino bilang tumbas ng mga salita sa wikang Ayangan. Ang paglalaping ginawa sa makauri at makangalan sa wikang Ayangan ay pareho sa wikang Filipino. Natuklasan din na ang panlaping [in] at [um]ay nagkakaiba ng pusisyon sa mga salita sa hanay ng makadiwa. Natuklasan din sa pag-aaral na ito na walangsalita sa wikang Ayangan ang may laguhang paglalapi. Natuklasan din na ang indigenous accent symbol (') aykumakatawan bilang [ko] at ang ponemang /m/ naman ay kumakatawan bilang [mo] sa morpemang ponemangwikang Ayangan.

Susing-salita: *palabuan, morpema, wikang Ayangan, lower bahelna, wikang Filipino*

I. INTRODUKSIYON

Ang salitang wika ay nagmula sa salitang latin na lengua na nangangahulugang dila. Sinasabing itoaysimbolong salita ng mga kaisipan, saloobin, behikulo o paraan ng paghahatid ng ideya, opinyon, pananaw, lohika, o mga kabatirang ginagawa sa proseso na maaaring pasalita o pasulat, Yule (2010). Ayon naman kayJ.V. Stalin na hango sa aklat ni Carpio (2016), ang wika ay isang midyum at instrumento na nakatutulong sakomunikasyon, pagpapalitan ng kaisipan, at pagkakaunawaan ng tao. Dahil tuwirang nakaugnay ito sa pag-iisip, inirekord at itinakda ng wika sa salita, at sa mga salitang pinagsasama-sama sa pangungusap, ang resulta ngpag iisip at ang mga tagumpay sa kognisyon ng tao, at sa gayon ay nagiging posible ang pagpapalitan ng idea salipunan ng tao.

Ayon naman sa linggwistikang si Henry Gleason mula sa aklat nina Mortera at Sioson (2016), ang wika aytumutukoy sa masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na pinili at isinaayos sa paraang arbitrasyonaginagamit sa komunikasyon ng mga tao sa lipunang may iisang kultura. Mahihinuha natin na ang wika ay hindi lamang pangkaraniwang tunog na naririnig natin sa paligid. Sa halip, nalilikha ito mula sa isang prosesongpagbubuo ng kaisipan hanggang sa makabuo ng makabuluhang tunog na kakatawanin ng simbolong kapagnagsama-

sama ay makalilikha ng salita, parirala, pangungusap at talata na may taglay na kahulugan. Ayon kay Chomsky(1970) sa aklat nina Mortera at Sioson (2016), may kakayahan at nalalaman ang tao sa kanyang wika (linguisticcompetence) kaya taglay niya ang gramatika ng wika (linguistika). Ito ang makapagpapatunay na may universal grammar ang wika ng tao.

Noon pa man, pinag-aaralan na ang wika gayundin ang usaping morpolohiya o pagbubuo ng mga salita. May kinalaman ang pagkiling sa pag-aaral ng morpolohiya sa umiiral na praktis o doktrina ng linggwistiks dahil sa lapit ng estrukturalismo. Ang dulong estrukturalismo ay pinalaganap ni Ferdinand de Saussure sa magnumopus niyang Cours de Linguistique Générale na tungkol sa pagkakaiba ng dalawang konseptong parole at langue. Sinasabing ang langue ang dahilan ng kakayahang makapagsalita at makaunawa ng isang tao ng lengguwahe.

Samantala, ang parole naman ay tumutukoy sa mismong produksiyon ng mananalita ng wika sa pamamagitan ng pagbigkas. Ang papel ng linggwista ay alamin ang estruktural na pagkakaugnay-ugnay ng mga batayang elemento gaya ng tunog, salita, at gramatikal fityur sa isang tiyak na wika. Kasangkot na ang morpolohiya sapag-aaral o papel ng linggwistika, Bautista (2015).

Ang pag-aaral ng wika ay nakatutulong upang matasa ang lebel ng pormulasyon ng wika na nagsisimulasaponolohiya – pag-aaral ng makabuluhang mga tunog, morpolohiya – pag-aaral sa mga nabuong mga salita, sintaktika – pag-aaral sa makabuluhang pagsama-sama ng mga salita, at semantika – pag-aaral sa kahuluganng pangungusap, Kusumawardhani (2015). Ang salitang morpolohiya ay naimbento noong 19th century ng isang German poet, novelist, playwright, and philosopher Johann Wolfgang Von Goethe (1749-1832) sa kontekstong haynayan, Aronoff at Fudeman (2010). Ito ay mula sa salitang Griyego na morphe na nangangahulugang “anyo” at logos na nangangahulugang “pag-aaral”, kaya ito ay pag-aaral ng anyo. Ginagamit ito ng mga dalubuhay bilang pag-aaral sa mga anyo at estruktura ng mga organismo at ginagamit naman ito ng mga heologo bilang pag-aaral sa anyo ng lupa. Sa linguistika, ang morpolohiya ay pag-aaral sa anyo o estruktura ng mga salita at pagsisiyasat sa pagkakabuo ng mga salita sa isang wika, Celik (2010). Mahalagang mayroon tayong kamalayan sa morpolohiya o pagkakabuo ng mga salita. Ang kamalayan sa morpolohiya ay tumutukoy sa indibidwal nakaalaman sa estruktura ng salita gayundin ang kakayang mag-isip at kakayahang manipulahin ang estruktura ng wika, Karimi (2012). Ayon sa pag-aaral ni Ginberg et. al. (2011) ang kaalaman sa morpolohiya o pagkakabuong mga salita ay nakatutulong sa kakayahang makapag-unawa ng mga mahihirap na salita o complex words sapagbabasa at nakatutulong din ito sa kakayahang makapagsulat.

Para makabuo ng mga panibagong mga salita buhat sa isang salita, nangangailangan ito ng paglalapi upang maparami ang isang salita. Sa pag-aaral nina Kieffer at Lesaux (2012) sa Wikang Ingles, lumalabas na ang mga nakakaunawa sa pagkakabuo ng mga salita sa pamamagitan ng paglalapi sa mga salitang-ugat ay may mataas na kakayahang sa bokabularyo. Ang mga mag-aaral ng wika na maalam kung paano nabuo ang mga salita sa wikang Ingles ay madaling nakabubuo ng mga salita buhat sa paglalapi (unlapi at hulapi), madaling makaunawang mga teksto, at may kakayahang makapagsulat ng maayos sa wikang Ingles, Oz (2013). Higit sa lahat, nakatutulong ang pag-aaral ng wika upang madaling maintindihan ang iba't ibang teksto sa pagbabasa gayundin mas mapadali ang pagsulat dahil sa pagpapayaman ng mga salitang ginagamit. Ayon nga kay James Dee Valentine sa aklat ni Acopra et. al (2015), ang wika ang pinakapagkain ng utak. Ibig sabihin, ang wika ang ginagamit natin para maisakatuparan ang ating mga ginagawa. Ang pag-aaral ng wika ay dapat pagyamanin sa ating sariling wika.

Napakalawak ang pag-aaral ng mga isyung sumasakop sa pag-aaral at pagpapaunlad sa wika. Lalo na sa ating wikang pambansa na siyang instrumento ng komunikasyon ng mga sambayanang Pilipino o etnikong grupo, Arnilla (2013). Ang wikang Filipino ay pambansang wika at isa sa mga opisyal na wika ng Pilipinas. Ayon sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, seksyon 6, inilimbag ng LWP (1991), “Ang wikang pambansa ay Filipino. Samantalang nililintang, ito’y dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at iba pang mga wika.” Ayon sa saligang batas na ito, dapat nating payabungin at pagyamanin ang mga umiiral na wika sa ating bansa at ito ay ang mga katutubong wika gaya ng wikang Ayangan para makatulong sa pagpapayaman ng wikang Filipino.

Ayon sa pagpapakahulugan na inilabas ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) sa Resolusyon blg. 96-1 (2013) na nakasaad sa pag-aaral ni Trazo, et. al. (2015), ang Wikang Filipino ay ang katutubong wika na ginagamit sa buong Pilipinas bilang wika ng komunikasyon sa isa’t isa ng mga pangkatubong katutubo. Katulad ng alinmang wikang buhay, ang Filipino ay dumadanas ng paglinang at pagpapayaman sa pamamagitan ng panghihiramsamga katutubong wika ng Pilipinas at mga di-katutubong wika at sa pamamagitan ng pagbabago sa nagiging gamit ng Filipino sa iba’t ibang sitwasyon at pangyayari, pasalita man o pasulat na pahayag, ng iba’t ibang pangkatubong panlipunan at pampulitika, sa loob at labas ng kapuluan, at sa iba’t ibang paksain at disiplinang akademiko. Bilang kabuuan, ang wikang Filipino ang pinakagamitin sa lahat ng transaksyong nagaganap lalong sa iba’t ibang antas ng pagkatuto, pakikipagkalakalan, relasyong sosyo-pulitikal at sa lahat ng larangan parasamabisang pagkakaunawaan, nararapat lamang na ito ay ma-intelektwalisa upang makasabay ang Pilipinas sakaunlaran tungo sa global na pagbabago. Kung kaya’t sa kasalukuyan nakatalaga ang mga mag-aaral sa bansa napayabungin ang wikang Filipino bilang behikulo ng pag-unlad ng lipunan, Mabilin (2012). Ayon namansapahayag ni Cantre sa aklat ni Bare (2009) na nailahad sa pananaliksik ni Palmaria (2014), ang wikang Filipino ay intelektwalisado kung ito ay ginagamit sa mga teksto para sa mataas na karunungan at sa pang-akademikong layunin. Kung kayat sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga katutubong wika at paggamit ng wikang Filipino bilang wika sa pagsulat ay nakatutulong din sa pag-unlad at pagyabong ng wikang Filipino upang maging intelektwalisado ito. Kayat kailangang pag-aralan ang mga wikang katutubo

upang makatulong sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Ang patuloy na pagkilos ng panahon tungos at inatawag na globalisasyon at ASEAN Integration ang lalong naglalagay sa bawat wika ng mga kabilang sa Third World Country sa mga suliranin at mabagal na intelektwalisasyon. Ayon kay Eugene Y. Evasco, mayakda ng tekstong Ang Wikang Filipino sa Bagong Milenyum, “ang anumang wika sa daigdig tulad

ng wikang Filipino ay nilikha, nililintang, pinagyayaman at hindi lamang basta isinilang”, Carpio (2016). Patunay lamangna lahat ng wikang katutubo o ang ating wikang pambansa (Wikang Filipino) ay dumaaan sa paglinang kasabayng pagbabago ng ating panahon.

Malawak ang sinasaklaw ng wikang Filipino. Bukod sa itinuturing na walong pangunahing wika na Tagalog, Bikol, Bisaya, Hiligaynon, Cebuano, Pangasinense, Kapampangan, at Ilokano, sakop nito ang lahat ng katutubong wika na sinasalita sa buong kapuluan. Ang ating bansang Pilipinas ay nag-aangkin ng katangiang pagkakaroon ng napakaraming wika at wikain. Nakatala sa *Ethnologue: Languages of the world* na mayisandaan at walumpu't isang (181) indibidwal na wika sa Pilipinas at apat (4) dito ang itinuturing na patay na wikasapagkat wala nang tagapagsalita nito – ang Agta (Didamay), Agta (Villa Viciosa), Ayta (Tayabas), at Katabaga, Lewis (2013). Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng ating wika, kakikitaan ang mga ito ng pagkakaiparehosang istruktura pagdating sa aspekto ng ponolohiya, morpolohiya, semantika at sintaktika. Isang bentahe ito parasapatuloy na pagtuklas at paglinang sa wikang Filipino, Irangan at Marchina (2017). Ayon kay Nababan (1981) saaklat ni Abesamis (2006), ang pambansang wika ay sumisimbolo ng pambansang identidad at dangal, pambigkisat susi sa pag-iisa ng mga grupong may iba't ibang linggwistik at sosyo-kultural na katangian at instrumentosapagkikipag-ugnayang interkultural at interrehiyunal. Ayon kay Geronimo (2015), ang wika ng mga katutuboa pagkakilanlan o identity. Ang mga wikang katutubo rin ay yaman ng ating kultura at kaluluwa ng mgakatutubong Pilipino at ng lahing Pilipino. Ang paglaho ng mga wikang katutubo ay pagkawala ng isang malaking bahagi ng kultura. Kung kayat dapat nating payabungin at pagyamin ang ating sariling wika sapamamagitan ng paggamit nito at pag-aaral sa estruktura ng ating wika. Gaya ng pag-aaral sa morpolohiya nito.

Ang morpolohiya ay tawag sa pag-aaral ng estruktura ng mga salita at ng relasyon nito sa iba pang salita sa wika. Ito ay ang makaagham o isang masusing pag-aaral ng mga salita o morpema kung paano nabuo ang mga salitabuhay sa isang morpema, Paz (2003). Ang morpema ay siyang tuon o pokus ng pag-aaral ng morpolohiya. Maaari itong isang ponema, isang salitang-ugat, o isang panlapi, Badayos (2007). Ang morpema ay ang pinakamaliit na yunit ng salita na kung saan hindi na maaaring hatiin sapagkat mawawala ang taglay nitong kahulugan. Nagbabago ang kahulugan ng morpema kapag ito ay nalalapian, Santiago at Tiangco (2003). Kungkaya, layon ng pag-aaral na ito na tukuyin o alamin ang palabuan ng mga salita.

Sa usaping morpolohiya, kabilang dito ang anyo ng morpema. May tatlong anyo ang morpema. Makikilala ang mga morpemang ito batay sa kanilang anyo o porma. Ang morpemang salitang-ugat ay mga salitang payak, mgasalitang walang panlapi tulad ng tao, basa, payong, at sulat. Ang morpemang panlapi naman ay mga morpemang kinakabit sa salitang-ugat. Ang morpemang ponema ay ang paggamit ng makahulugang tunog o ponema sa Filipino na nagpapakilala ng kasarian, Acopra et. al (2014). Ang paglalapi ay maaaring sa unahan, sa gitna, sa hulihan, sa magkabilaan, kombinasyon ng una at gitna, kombinasyon ng gitna at hulihan, at sa lahat ng posisyonsa salitang-ugat, Marquez at Garcia (2010).

Noon pa man pinag-aaralan na ang wika gayundin ang usaping morpolohiya o palabuan ng mga salita sa mgakatutubong wika. Ayon sa pag-aaral ni Bautista (2015), ang pagsibol ng interes ng mga akademikong Kanluranin maliban sa mga Kastila ay nagsimula bago pa man manakop ang mga Amerikano. Ang moda ng pag-aaral na isinasagawa ng mga Europeo ay may kinalaman sa komparatibong pagsusuri ng wikang Sebwana sa iba pang mga pangunahing wika sa Pilipinas gaya ng Tagalog, Kapampangan, Bikol, Iloko, Pangasinan, at Ibanag, gayundin ang iba pang mga wika sa loob ng pamilyang Malayo-Polinesyo.

Sa pananaliksik na isinagawa nina Bayona, et. al. (2015) hinggil sa wikang Cebuano na kanilang inihambing sa Wikang Filipino, natuklasan nila ang mga sumusunod: ang panlaping /nag-/ sa wikang Filipino ay nagiging /naga-/ sa aspektong imperpektibo, nagiging /mag-/ sa aspektong kontemplatibo sa wikang Cebuano. Ang panlaping /na-/ sa wikang Filipino ay nagiging /ma-/ sa wikang Cebuano sa aspektong kontemplatibo. Ang panlaping /um-/ at gitlaping /-um-/ sa wikang Filipino ay nagiging /mi-/ sa wikang Cebuano. Ang /mi-/ napanlapi ay nagiging /ga-/ sa aspektong imperpektibo, at nagiging /mo-/ sa aspektong kontemplatibo. Ang panlaping /in-/ naman at gitlaping /-in-/ sa wikang Filipino ay nagiging /gi-/ sa wikang Cebuano. Ang panlaping /gi-/ ay nagiging /gina-/ sa aspektong imperpektibo, at nagiging /-on/ sa aspektong kontemplatibo. Ayon sa pagsusuri ni Casumpang (2014), natuklasan niyang ang morpemang panlaping [mag-, -an], [nagsipag-, -an], [nagsi-, -an] ng Tagalog ay ipinahayag gamit lamang ang iisang morpema sa Bikol at Kapampangan. Kung kaya, pagdating sa pagkakaroon ng katumbas na kahulugan ay tugmang-tugma ang Tagalog, Bikol, at Kapampangan. Mayroon din namang mga pananaliksik hinggil sa pagbabagong morpoponemiko sa usaping morpolohiya. Ayon sa pag-aaral ni Bautista (2010) na nakasaad sa pananaliksik nina Irangan at Marchina (2017), ang impluwensya ng mga kasangkot na tunog sa paglalapi ay sumasailalim sa asimilasyon at alomorfi, kaya ang nabuong salita sa pagkakabit ay kakikitaan ng mga bagong elementong tunog. Ibig sabihin, nagbabago ang isang salita matapos itong malapian ng mga panlapi gayundin ang tunog nito. Ang pagbabago sa mga salitang-ugat dahil sa impleksyon ay nangangahulugang pagbabago sa kawawaan ng mga morpema na kinakabit sa salitang-ugat.

Ayon kina Roxas at Mula (2008) na nabanggit sa pag-aaral ni Bautista (2018), ang mga morpema ay

nagbabagoo nakabubuo ng isa pang salita sa pamamagitan ng mga panlapi gaya ng /mag/, /nag/, /pag/, at iba pa. Gumagamit ito ng hindi matatawarang kombinasyon ng mga panlapi gaya ng unlapi, gitlapi, hulapi, kabilaan, at laguhan, maging ang pag-uulit-ulit ng mga panlapi sa mga salita. Ang ganitong katangian ng istruktura ngmopolohiko ay kadalasang makikita sa mga diksyunaryo. Ang panlapi ay maaaring ikabit sa unahan (unlapi), sagitna ng salita (gitlapi), sa hulihan ng salita (hulapi), sa unahan at hulihan ng salita (kabilaan), at sa unahan, gitna, at hulihan (laguhan) ng isang salita. Kaya, sa pamamagitan nito ay napaparami ang isang salita at nagkakaroon ng ibang kahulugan.

Ayon naman sa pag-aaral ni Pasion (2014), natuklasan niyang ang morpemang panlaping [ma-], [-an], at [ka-, -an] na ginagamit sa wikang Mandayan sa anumang varyasyon ay parehong ginagamit sa wikang Filipinosaparehong lokasyon bilang salin.

Ayon sa pag-aaral ni Hicana (2017), lumitaw sa kanyang pagsusuri na ginagamit ng ilang interlokyutor angpanlapi na mula sa kanilang unang lenggwahe (gaya ng mag/maga, nag/ naga, gin/gi) bilang isang paraanngpagbubuo ng mga salita.

Sa pag-aaral ni Bautista (2018), nakatuon ito sa pagbabago sa mga rut o ugat na dulot ng pagkakakabit ngunlaping mang-, isa sa pinakaimportanteng afiks na makadiwa sa wikang Filipino na may layong magpakita ngtuon o pokus sa paglalapi. Isinasaad na ang impluwensya ng mga kasangkot na tunog sa paglalapi aysumasailalim sa asimilasyon at alomorfi kaya't ang nabuong salita sa pagkakabit ay kakikitaan ng bagongelementong tunog.

Mayroong pag-aaral din tungkol sa hambingan ng dalawang wika gaya ng pananaliksik nina Dingcong et. al. (1970) na binanggit ni Baustista (2015) na hinggil sa pagkakatulad sa pagbubuo ng mga salita sa Tagalogat Sebwan. Ang hambingan pag-aaral na ito ay isinagawa ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP) upangmagpasimula ng serye ng mga pananaliksik hinggil sa pagkakatulad ng dalawang wika. Pinili ang wikangTagalog sa pagkukumpara dahil basehan ito ng wikang pambansa kaya may pangangailangang itampokanglingguwal na pagkakapareho nito sa ibang mga wika sa Pilipinas upang mapabilis ang pagtanggap dito ngmgamiembro ng ibang etnolinggwistikong grupo. Upang maipakita ang pagkakatulad ng Tagalog at Sebwan, itinala ang magkakaparehong panlaping ginagamit sa pagbuo ng mga pangngalan, pang-uri, at pandiwa.

Sa pananaliksik nina Immangdul, Aniceto, at Behhay (2016) sa isa sa mga wika sa Ifugao, natuklasan nilangangmopolohiya ng Wikang Tuwali sa Filipino ay may anyong morpema sa panlapi na may tumbas sa makauri, makadiwa, at makangalan. Gayundin sa kayarian o pagbuo ng mga salita sa Wikang Tuwali ng mga Ifugao tuladng payak/salitag-ugat, ganap at di-ganap na pag-uulit. Isa rin ang wikang Ayangan na ginagamit na wika saIfugao partikular ng mga pangkat etnikong Ayangan-Ifugao.

Ang Ayangan-Ifugao ay isang tribong may sariling wikang katutubo at kakaibang kulturang taglay. Ito'y isangliping laganap sa silangang bahagi ng probinsyang Ifugao at patuloy na lumalaganap (Pattalitan, Jr., 2008). Nakatira sila bayan ng Mayoyao at ilang parte ng Ifugao. Sinasabing ang pangalang Mayoyao o Majawjawaynagmula sa pangalang May-ao na pinaniniwalaang nanirahan sa lugar na iyon ayon sa mga alamat, Langbayan(2003). Ang kanilang pangunahing salita ay tinatawag na wikang Ayangan. Nakakapagsalita rin sila ng WikangIlokano, wikang Filipino, at wikang Ingles.

Ang wikang Ayangan ay sinasalita sa lalawigan ng Ifugao partikular sa Mayoyao, Banaue, Aguinaldo, at ilangparte ng Alfonso Lista. Ang bayan ng Mayoyao ay binubuo ng dalawampung pitong (27) barangay. Ito ay nahati sa tatlo – lower bahelna, upper bahelna, at henanga. Ang lower bahelna ay binubuo ng Barangay Alimit, Barangay Ayangan, Barangay Nattum, Barangay Banao, Barangay Palaad at Barangay Nalbu. Ang upper bahelna naman ay binubuo ng Barangay Aduyongan, Barangay Inwaloy, Barangay Guinohon, Barangay Epeng, Barangay Maga, Barangay Magulon, Barangay Talboc, Barangay Mongol, at Barangay Tulaed. Ang henanganaman ay binubuo ng Barangay Mapawoy, Barangay Poblacion, Barangay Bato-Alatbang, Barangay Chaya, Barangay Chumang, Barangay Liwo, Barangay Bongan, Barangay Mayoyao Proper, Barangay Banhal, Barangay Langayan, Barangay Balangbang, at Barangay Buninan, DILG-Car (2010).

Ang alpabeto ng wikang Ayangan ay may limang (5) patinig – /a, e, i, o, u/ at labinsiyam (19) na katinig - /b, ch, d, g, gw, h, j, kh, k, l, m, ng, n, pf, p, r, t, w, y/. Sa kabuuan, ang alpabeto ng wikang Ayangan ay binubuondalawampu't apat (24) na letra. May apat ding tuldik o simbolo ang ginagamit sa alpabetong ito. Ito ay ang(') indigenous accent, (`) grave accent, (^) acute accent, at (-) hyphen, Municipal ordinance no. 83. (s. 2009).

Sa bawat wika ay may iba't ibang paraan o proseso kung paano nabuo ang mga salita buhat sa isang salitag-ugat. Kaya, ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa palabuuan ng mga salita sa wikang Ayangan. Gayundin, layonng pag-aaral na ito na maihambing ang wikang Ayangan sa wikang Filipino kung mayroong pagkakatuladat pagkakaiba sa palabuuan ng mga salita.

Ayon sa pag-aaral ni Dunuan (2005), natuklasan niyang ang makadiwang salitag-ugat sa Wikang Ayanganaynagsisimula sa mga patinig na /a, e, i, o,u/ at sa mga katinig na /b, ch, f, g, h, l, m, ng, p, t, wat v/. Walangmakadiwang salitag-ugat na nagsisimula sa /k, d, r, s, at y/. Natuklasan din niyang ang mga panlapingginagamit sa pagbubuo ng pandiwa sa wikang Ayangan ay ang mga panlaping [ma-], [mun-],

[mumpa-], [maki-] at [um-] sa pusisyong inisyal. Ang mga panlaping [-in-] at [-um-] para sa pusisyong midyal. Ang mga panlaping[-an] at [-on] para sa pusisyong pinal at ang mga panlaping [ma-, -an], [pa-, -an], [pun-, -an] at [pun-, -on] parasa pusisyong inisyal at pinal.

Ang ganitong pag-aaral ng katutubong wika ay nakakapuwang sa kamalayan ng mga guro sa wika magingang mga mag-aaral sa lahat halos ng institusyong pampubliko o pribado, Pattalitan, Jr. (2008). Ang pag-aaral na itoay mahalaga sa mga mag-aaral ng wika sapagkat madaragdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa palabuuang mga katutubong wika rito sa lalawigan ng Ifugao. Gayundin, mahalaga ito sa mga guro ng wika sakadahilang maaari nila itong maging basehan sa malawakang pagtuturo ng wika. Mahalaga rin ito sa mgakapwa katutubong Ayangan sapagkat maaari itong maging pambukas isipan na ang wikang Ayanganaymayaman sa iba't ibang aspekto ng wika at hindi lamang sa larangan ng panitikan. Maaari rin itong magingbasehan ng ibang mananaliksik hinggil sa wika ng mga katutubo rito sa Cordillera o sa iba pang wika sa atingbansa.

Batayang Konseptwal

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Input-Process-Output (IPO) na modelo bilang gabay para maayos namaisagawa ang pag-aaral na ito. Ang Input-Process-Output (IPO) ay isang modelong nagpapakita ng input, awtput o kinalabasan ng pag-aaral at mga prosesong ginawa sa input para magkaroon ng awtput, Schembri (2012). Ang modelong ito ay ginamit ni Rodriguez (2015) sa kanyang pag-aaral hinggil sa karaniwang kamaliang mga mag-aaral sa morpolohiya sa larangan ng pasulat. Sa kanyang input, nakalahad ang teorya ng wikaat pagsulat, kamalian sa pagsulat, at gawain sa pagsulat; sa kanyang proseso ay pagsusuri sa mga kamalian ngmgamag-aaral sa pagsulat; at sa kanyang awtput ay kawastuhan sa mga kamalian ng nilalaman sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral. Ginamit din ito ni Palmaria (2014) sa kanyang pag-aaral hinggil sa loanwords sa text messages at facebook post tungo sa pagpapaunlad ng morpolohiya sa akademikong Filipino. Ibig sabihin, angmodelong ito ay angkop na gamitin sa pag-aaral ng wika gaya ng isinagawang pag-aaral na morpolohiya ngwikang Ayangan.

Sa isinagawang pag-aaral, nakalahad sa input ang morpolohiya o ang palabuan ng wikang Ayangan sa lower bahelna ng Mayoyao, Ifugao. Para malaman ang palabuan ng wikang Ayangan, ito ay gumamit ngdi-binalangkas na pakikipanayam sa mga tagatugon para mabatid ang palabuan ng mga salita o morpema sawikang Ayangan. Pagkatapos makalap ang mga datos, ito ay masusing pinag-aralan ayon sa konseptongpalabuan ng wikang Filipino. Ang mga morpema sa wikang Ayangan ay isinalin sa Filipino. Pagkatapos ngmasusing pag-aaral sa mga morpema, ito ay ipinabalido sa limang (5) guro at isang (1) indigenous knowledgeholder.

Pagkatapos sundin ang proseso na nakalahad sa IPO na modelo, ang mga salitang pinag-aralan at mganatuklasan sa pag-aaral ay ginamit para makabuo ng worksheet bilang awtput ng pag-aaral.

Paradima ng Pag-aaral

Pigura 1

Input	Proseso	Awtput
Morpolohiya ng Di-binalangkas Wikang Ayangan na sa Lower Bahelna Worksheet bilang kagamitan ng Mayoyao, Ifugao pakikipanayam para sa pagtuturo ng Pagpapabalido Ffdbak wika		

II. LAYUNIN

Layon ng pag-aaral na ito na mailahad ang palabuan ng mga salita o morpema ng Wikang Ayangan. Layon din nitong masagot ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang proseso ng palabuan ng mga salita sa Wikang Ayangan ayon sa anyo ng morpema?
 - 1.1 morpemang salitang-ugat
 - 1.2 morpemang panlapi
 - 1.3 morpemang ponema
2. Ano-ano ang pagkakatulad ng morpolohiya ng wikang Ayangan sa wikang Filipino ayon sa anyo ng morpema?
 - 2.1 morpemang salitang-ugat
 - 2.2 morpemang panlapi
 - 2.3 morpemang ponema
3. Ano-ano ang pagkakaiba ng morpolohiya ng wikang Ayangan sa wikang Filipino ayon sa anyo ng morpema?

3.1 morpemang salitang-ugat

3.2 morpemang panlapi

3.3 morpemang ponema

III. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Indigenous Qualitative Research sapagkat ang pag-aaral na ito ay nakasentro sa pangangalap at pagsasalin ng ilang katutubong panitikan ng Ifarangao para makabuo ng isang modyul sa Filipino 7. Ito ay isinagawa sa Natonin, Mountain Province. Ang mga naging tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga taal na katutubong Ifarangao ng Natonin, Mountain Province na may gulang na 50 pataas. Ang gulang na ito ay angkop para sa pag-aaral na ito sapagkat sila ay may sapat na kaalaman hinggil sa mgakakailanganing datos. Ang mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang (7) na nag-aaral sa Banawel National High School sa taong panuruang 2019-2020 na binubuo ng apatnaput apat (44) na mga mag-aaral, dalawampu (20) nalalaki, at dalawampu't apat (24) na babae. Sila ang gagamit sa modyul na inihanda ng mananaliksik.

Gagamitin ang validation tool ng DepEd sa pagkalap ng mga kakailanganing datos para sa pananaliksik na ito. Naisagawa ang pagkalap ng mga datos mula sa mga tagatugon sa pamamagitan ng di-binalangkas napakikipanayam. Ang mga nakalap na datos ay isinulat sa wikang farangao pagkatapos, isinalin sa wikang Filipino. Lahat ng nakalap na datos ay sinimulang buuin ng mananaliksik ang isang modyul sa Filipino parasabaitang 7. Pagkatapos ay ipinabalido ang isinagawang pagsasalin sa mga council of elders, kapwa gurosa Filipino sa iba't ibang paaralan ng Natonin at sa dibisyon.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong kwalitatibong disenyo ng pananaliksik upang makalapomakuha nang maigi ang mga datos na kakailanganin sa pag-aaral. Ayon kina Trochim, Donnelly, at Arora nahango sa quizlet.com (2018), ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ay tumutukoy sa "non-numerical" o "hindi nabibilang" na mga datos. Ang mga datos ay itinatala gaya ng open-ended surveys, panayam, at mgadetalyadong dekrripsyon. Kung kaya't ang pag-aaral na ito ay gumamit ng di-binalangkas na pakikipanayamsamga tagatugon upang maitala ang mga datos na pag-aaralan.

Ito ay isinagawa sa Mayoyao, Ifugao partikular sa lower bahelna. Ang bayan ng Mayoyao ay matatagpuansasilangang bahagi ng Ifugao. Sa hilaga nito ay Paracelis, Mountain Province; sa kanluran ay Banaue; sa timogay Lagawe at probinsya ng Isabela, Emajawjaw (2009). Ang mga kasangkot na lugar sa lower bahelna ay Barangay Alimit, Barangay Ayangan, Barangay Nattum, at Barangay Banao (ang mapa ng lugar ay nasa apendiks F).

Ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito ay mga taal na taga Barangay Alimit, Barangay Banao, Barangay Ayangan, at Barangay Nattum na siyang taal na mananalita ng wikang Ayangan sa nasabing lugar. Walong (8) mga tagatugon ang mula sa Barangay Alimit, dalawang (2) tagatugon naman ang mula sa Barangay Banao, isang (1) tagatugon mula sa Barangay Ayangan, at dalawang (2) tagatugon naman mula sa Barangay Nattum. Ang mananaliksik ay pumili ng mga taal na mananalita at maalam sa wikang Ayangan (nasa apendiks Danglistahan ng mga tagatugon maging ang kanilang lagda).

Para malikom ang mga datos, inihanda ng mananaliksik ang mga katanungan na siyang magiging gabaysapakikipanayam sa mga napiling tagatugon. Inihanda rin ang mga panulat, papel, at bidyo rekorder para matiyakna sapat at maayos ang makukuhang mga datos. Pagkatapos, kakapanayamin ang mga tagatugon hinggil samorpolohiya o palabuuan ng mga salita ng wikang Ayangan. Ang mga naitalang mahahalagang datos ay siyangpinagbasehan sa awtput o kinalabasan ng naturang pag-aaral.

Instrumento ng pananaliksik

Ang pananaliksik ay gumamit ng di-binalangkas na pakikipanayam sa mga tagatugon upang maipaabot nang maayos ang mga katanungan gayundin ang kanilang mga kasagutan. Ayon kay Doyle (2018), ang di-binalangkas na pakikipanayam ay isang pakikipanayam na kung saan ang tagapanayam ay malayang magtanongna siyang magdudulot ng talakayan sa kinakapanayam sa halip na tanong at sagot na pormat o ayos. Angtagapanayam ay maaaring maghanda ng mga katanungan pero hindi kailangang sundin ang pagkakasunod-sunod ng mga katanungan bagkus ito ay isang gabay sa talakayan o pag-uusap (nasa apendiks Gang gabaysapakikipanayam). Gumamit din ito ng panulat, papel, at bidyo rekorder para maayos na maitala at mairekordang mga datos na kakailanganin.

III. RESULTA AT DISKUSYON

Talahanayan 1. Morpemang salitang-ugat ng wikang Ayangan

Salitang-ugat ng Wikang Ayangan	Kahulugan sa Wikang Filipino
Ngalan ng buwan	
Lungina (Lu•ngi•na)	Enero

Upu'na (U•pu'•na)	Pebrero
Lachawna (La•chaw•na)	Marso
Pfakakawna (Pfa•ka•kaw•na)	Abril
It-itina (It•i•ti•na)	Mayo
Bahagi ng katawan	
chapan (cha•pan)	talampakan
hui (hu•i)	paa
te'leng (te'•leng)	bukongbukong
muud (mu•ud)	sakong
pfuhuy (pfu•huy)	butik
Bilang	
oha (o•ha)	isa
chuga (chu•ga)	dalawa
tulu (tu•lu)	tatlo
opat (o•pat)	apat
lima (li•ma)	lima
Ngalan ng mga kapamilya	
Ibpfa (Ib•pfa)	Kapatid/ Pinsan
Ommod (om•mod)	Magulang
Impfoloy (im•pfo•loy)	Anak
Unga (u•ngá)	Bata
Ahaga (a•ha•ga)	Asawa
Mga salitang may kilos	
Tagtag (tag•tag)	Takbo
Ugap (u•gap)	Sigaw
Khená (khe•ná)	Bilis
Ha'chu (ha'•chu)	Igib
Amó (a•mó)	Ligo
Ngalan ng mga bagay	
Hoplet (hop•let)	Palo

Adiw (a•diw)	Kahoy
Lopfong (lo•pfong)	Damit
Apfong (a•pfong)	Bahay
Pfalun (pfa•lun)	Baon
Mga salitang naglalarawan	
Choo (cho•o)	Marami
Pfohe (pfo•he)	Maganda

Ang talahanayan 1 sa ibaba ay nagpapakita ng mga morpemang salitang-ugat ng wikang Ayangan. Angmgamorpemang salitang-ugat na nakalahad ay mula o hango sa mga ikinuwentong mga alamat, kwentong-bayan, at pakikipanayam sa mga tagatugon. Ang mga nakalap na salita ay inuri bilang ngalan ng buwan, bahagi ngkatawan, bilang, ngalan ng mga kapamilya, mga salitang may kilos, ngalan ng mga bagay, at mga salitangnaglalarawan. Ang mga morpemang salitang-ugat ng wikang Ayangan ay pinantig gamit ang gituldok (•) bilangparaan ng pagpapantig ng mga salita na ibinatay sa paraan ng pagpapantig ni Almario (2015) sa kanyang aklat na KWF manwal sa masinop na pagsulat. Ang mga nakalap na mga salita ay binigayang kahulugan o salinsawikang Filipino upang maunawaan ng mga mambabasa. Ang mga salitang-ugat na nakalahad ay may kanya- kanyang kahulugan kahit walang panlapi na nakakabit sa mga salita. Ang mga morpemang salitang-ugat na ito, kapag ginamit o sinalita ay mayroon ng kahulugan na siyang magdadala sa tao upang maintindihan ang salitangiyon. Nakatutulong ang mga morpemang ito para sa malawakang pag-aaral ng wika o pagkatuto sa nasabingwika. Ang palabuuan ng wikang Ayangan ay nagsisimula sa mga ponema hanggang sa makabuo ng mga salitana tinatawag na morpema. Sa workbook ni Joy Sheryl Padiangan (2017) na Mayoyao Alphabet ay kakikitaanngmga morpemang salitang-ugat na nagsisimula sa lahat ng letra ng alpabeto ng wikang Ayangan. Angmorpemang salitang-ugat ay tinatawag ding malayang morpema sapagkat nagtataglay ito ng kahulugan, Arnilla(2013). Tumutukoy rin ito sa mga simpleng salita na walang kasamang panlapi, Semorlan at Mariño (2009). Ibig sabihin, ang mga morpemang salitang-ugat o mga payak na salita na nakatala sa talahanayan ay may taglaynangkahulugan kahit hindi nilalapian. (nasa apendiks J ang ibang mga morpemang salitang-ugat

Talahanayan 2. Morpemang panlapi ng wikang Ayangan

Salitang-ugat		Mga		panlapi Makauri		Makadiwa		Makangalan	
Wikang Ayangan	Wikang Filipino	Wikang Ayangan	Wikang Filipino	Wikang Ayangan	Wikang Filipino	Wikang Ayangan	Wikang Filipino	Wikang Ayangan	Wikang Filipino
Mga salitang may kilos									
Hinop (hi•nop)	Tago	Pala-, in-, pun-	Pala-, -an, -an, pinag-	Palahino -in- p	Palatago	Hininup an	Tinaguan	Punhinhi nupan	Pinagtat aguan
Anop (a•nop)	Ngaso	Pala-, mun-, pun-, an	Pala-, pa-, -han -	na-,Pala-anop	Palangas o	Mun-an-anop	Nagngangas o	Pun-an-anupan	Panganga suhan

Khapfot (kha•pfo t)	Linis	Na-, an, mun-, pun-	Na-, -an, - nag-, pinag-	nakhapf utan	Nalinisan	munkha bkhapfo t	Naglilinis	punkhabkh apfutan	Pinaglili nisan
Tapá (ta•pá)	Tapon	mun-, pun-, an	Pala-, Pala-, mag-, pinag-, - an	Palatapa -	n	Palatapo Muntapa	Magtapon	Puntapta palan	Pinagtat apunan
Ittu (it•tu)	Lagay	Pala-, nun-, taga-	Pala-, nag-, taga-	Pala-ittu	y	palalaga Nun-ittu	Naglagay	Taga- ittuTagalag	ay
Mga salitang naglalarawan									
